

Impormasyon sa Ligtas na Pamamahala sa Pananakit para sa mga Miyembro

Mga Resetang Opioid – Ano ang Ginagawa Natin

Nakikipagtulungan ang Partnership HealthPlan of California (PHC) sa ating mga komunidad, doktor at botika upang tiyakin na ang mga gamot na opioid (gaya ng Morphine, Hydrocodone, Methadone, OxyContin, at iba pa) ay ginagamit nang ligtas.

Simula sa Oktubre 1, 2018, papalitan na ng PHC ang dami ng gamot na opioid na isasama sa coverage. Bababaan ng PHC ang isasama sa coverage na opioid daily morphine equivalent dose (MED) magmula 120 tungo sa 90 milligrams kada araw. Ang pagpapababa sa MED mula 120 tungo sa 90 ay sumusunod sa rekomendasyon ng U.S. Centers for Disease Control.

Pag-unawa sa Epidemiya ng Paggamit ng Opioid sa US



Around
46
PEOPLE

die every day from overdoses involving **prescription opioids**.

- Noong 2013, nagsulat ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng 249 na milyong reseta para sa mga gamot na opioid para sa pananakit. Sapat ito para magkaroon ang bawat Amerikanong nasa hustong gulang ng isang bote ng mga tableta.
- Noong 2016, ang mga opioid mula sa mga reseta at mga drogang nakukuha sa kalye ang dahilan ng pagkamatay ng mahigit sa 42,000 tao. Mas marami pa ito sa 37,461 pagkamatay dahil sa mga aksidente sa sasakyan noong 2016.
- Noong 2016, mga 2 sa 3 ng 63,600 overdose sa gamot ay dahil sa mga opioid.

Pinagkuhanan: Centers for Disease Control and Prevention

Kausapin ang inyong doktor at parmasista kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa inyong mga gamot.